

Impormasyon tungkol sa Coronavirus

Dapat manatili kayong may impormasyon tungkol sa “novel coronavirus” upang manatiling ligtas.

Walang kaso ng novel coronavirus sa San Francisco

Walang kumpirmadong kaso ng novel coronavirus sa San Francisco. Kung mayroong makukumpirmang kaso sa San Francisco, i-aanunsyo ito ng Health Department, sa pakikipagtulungan ng CDC at sa California Department of Public Health (Departamento ng Pamublikong Kalusugan ng California, CDPH).

Sino ang nasa panganib?

Mababa ang panganib ng mga residente ng Bay Area na mahawaan ng novel (new) coronavirus, maliban na lamang kung kakabiyahe lang nila galing sa Wuhan o kung nakipag-ugnay sila sa taong may sakit na kakagaling lamang sa lugar na iyon. **Ang panganib na mahawaan kayo ay depende sa kasaysayan ng inyong pagbiyahe at hindi sa inyong lahi, etnisidad o kultura.**

Payo para maprotektahan kayo at ang inyong mga kasama

- 1) Hugasan ang mga kamay gamit ang likidong sabon at tubig, at kuskusin nang mabuti nang hindi bababa sa 20 segundo.
- 2) Takpan ang inyong bibig kapag umuubo o bumabahing
- 3) Manatili sa bahay kapag may sakit
- 4) Magpa-flu shot para magkaroon ng proteksiyon laban sa trangkaso o sintomas na katulad sa novel coronavirus

Kailangan ko bang magsuot ng face mask o ikansela ang mga aktibidad ko kung saan nakikisalamuha ako sa iba?

Sa ngayon, walang opisyal na rekomendasyon na magsuot ng face mask o magkansela ng inyong mga plano o aktibidad. Kung mayroon kayong lagnat o ubo, maaaring magsuot kayo ng face para maiwasan ang pagkalat ng mikrobyo sa mga nasa paligid ninyo.

HINDI katumbas ng pagsuot ng face mask ang paghugas ng mga kamay bilang pinaka-epektibong pagiwas sa sakit.

Kumikilos na ang mga opisyal para sa pampublikong kalusugan

Maingat na mino-monitor ng U.S. Centers for Disease Control and Prevention (Mga Sentro ng Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit, CDC) at ng World Health Organization (Organisasyon para sa Pandaigdigang Kalusugan, WHO) ang pagkalat ng virus.

Bagong Pederal na Utos para sa mga bumabalik na bumibiyahe mula Pebrero 3,2020

- Ang mga dayuhan (Foreign nationals) na bumabalik mula China ay hindi papayagang pumasok sa U.S. maliban kung mayroon silang malapit na kamaganak na U.S. citizen o permanenteng residente.
- Lahat ng U.S. citizen na bumabalik mula Hubei Province, China ay ilalagay sa sapilitan (mandatory) na 14-araw na quarantine ng pederal na gobyerno.
- Ang mga U.S. citizen na pabalik mula ibang parte ng mainland China at WALANG lagnat, ubo o kahirapan sa paghinga ay inuutusan na manatili sa bahay at mag self-quarantine habang silay ay mino-monitor ng lokal na departamento ng kalusugan.
- Ang mga U.S. citizen na pabalik mula sa ibang parte ng mainland China na MAYROONG sintomas ay ilalagay sa mandatory quarantine.



**Kung kayo ay bumalik galing
China bago mag Pebrero 3,
2020**

Inirerekomenda ng SF Department of Public Health na lahat ng bumiyahang bumalik mula sa mainland China bago ng **Pebrero 3, 2020** na i-monitor ang kanilang sarili ng 14 na araw pagkatapos ng huling araw nila sa China. Kung magkaroon sila na mga sintomas (lagnat, ubo, o nahihirapan sa paghinga) sa panahon na ito, dapat tawagan nila ang kanilang health provider, at ipaalam ang kanilang kasaysayan sa pagbibiyahang at dapat manatili at mag self-isolate sa bahay habang naghihintay ng payo mula sa kanilang doctor/health provider. **Kung kayo ay mayroong mga sintomas, huwag munang pumasok sa trabaho, paaralan o pumunta sa mga kaganapan kung saan makikisalamuha kayo sa ibang tao.**

**Manatiling may
impormasyon**

Para sa bagong balita tungkol sa novel coronavirus, bisitahin ang <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/summary.html>

